Ang Paskuwa

Liksyon 5, Pangatlong Semestre, Hulyo 26-Agosto 1, 2025

Hapon ng Sabbath, Hulyo 26

Talatang Sauluhin:

“At mangyayaring pagsasabi sa inyo ng inyong mga anak: Anong ibig ninyong sabihin sa paglilingkod na ito? Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at iniligtas ang aming mga sangbahayan. At ang bayan ay nagyukod ng ulo at sumamba.” KJV — Exodo 12:26, 27

“Nang unang iharap kay Paraon ang kahilingan para sa pagpapalaya ng Israel, ibinigay na rin ang babala ukol sa pinakakakila-kilabot sa lahat ng salot. Inutusan si Moises na sabihin kay Paraon, ‘Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay: At aking sinabi sa iyo, Pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa akin; at ayaw mo siyang payaunin, narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay.” (Exodo 4:22, 23).

Bagaman hinahamak ng mga Egipcio, ang mga Israelita ay pinarangalan ng Diyos sa pagkakapili sa kanila upang maging mga tagapag-ingat ng Kanyang kautusan. Sa mga natatanging pagpapala at mga pribilehiyong ipinagkaloob sa kanila, nagkaroon sila ng natatanging kalagayan sa mga bansa, gaya ng panganay na anak sa gitna ng mga kapatid.

Ang hatol na unang ipinagbabala sa Egipto ang siyang magiging huling ipatutupad. Ang Diyos ay mapagpahinuhod at sagana sa habag. Siya’y may malasakit sa mga nilikhang kawangis Niya. Kung ang pagkawala ng kanilang mga ani, mga kawan, at mga baka ay naging sanhi ng pagsisisi ng Egipto, hindi sana sasaktan ang kanilang mga anak. Ngunit matigas pa rin ang ulo ng bansa at patuloy na sinuway ang banal na utos, kaya ngayon ay dumating na ang huling dagok.” (PP 273.1–273.2)

Linggo, Hulyo 27

Isa Pang Salot

Basahin ang Exodo 11:1–10. Anong babala ang ibinigay ng Diyos bago igawad ang kahatulan sa Ehipto?

"Ipinagbawal kay Moises, sa kapinsalaan ng kanyang buhay, na muling humarap kay Paraon. Ngunit may isang huling mensaheng kailangang iparating ng Diyos sa mapaghimagsik na hari, kaya muling humarap si Moises at sinabi ang kakila-kilabot na pahayag: Ganito ang sinasabi ng Panginoon, Sa may hating gabi ay lalabas ako sa gitna ng Egipto: At lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto ay mamamatay, mula sa panganay ni Faraon, na nakaluklok sa kaniyang luklukan, hanggang sa panganay ng aliping babaing nasa likuran ng gilingan; at ang lahat ng mga panganay sa mga hayop. At magkakaroon ng malakas na hiyawan sa buong lupain ng Egipto, na hindi nagkaroon ng kaparis, at hindi na magkakaroon pa ng kaparis. Datapuwa't sa lahat ng anak ng Israel mula sa tao hanggang sa hayop, ay walang maggagalaw kahit isang aso ng kaniyang dila laban sa tao o sa hayop: upang inyong makilala kung paano ang pagkakalagay ng pagkakaiba ng Panginoon sa mga Egipcio at sa Israel. At bababain ako nitong lahat na iyong lingkod, at magsisiyukod sa akin, na magsasabi, Umalis ka, at ang buong bayan na sumusunod sa iyo: at pagkatapos niyaon ay aalis ako." (PP 273.3)

"Habang ipinapahayag ni Moises kay Paraon ang darating na salot—na higit na malubha kaysa sa lahat ng nauna, at siyang magtutulak sa kanyang mga pinunong tagapayo na yumuko at makiusap na paalisin ang mga Israelita—labis ang naging galit ng hari. Nagngitngit siya dahil hindi niya kayang takutin si Moises o pasukuin sa kanyang kapangyarihan bilang hari. Ngunit si Moises ay umaasa sa isang mas makapangyarihang bisig—ang sa Diyos, higit kaysa sa sinumang pinunong makalupa." (3SG 222.1)

"Nang isalaysay ni Moises sa bayan ng Israel ang mga paghahanda ng Diyos para sa kanilang pagliligtas, 'ang bayan ay yumuko at sumamba.' Ang matamis na pag-asang makalaya, ang matinding pagkaalam sa darating na parusa sa kanilang mga kaaway, at ang maraming alalahanin para sa kanilang agarang pag-alis—ang lahat ng ito ay napalitan ng puspos na pasasalamat sa kanilang mahabaging Tagapagligtas. Marami sa mga Egipcio ang naniwala at kumilala sa Diyos ng mga Hebreo bilang tanging tunay na Diyos. Ipinakiusap nila na makasilong sa mga tahanan ng Israel sa oras ng pagdaan ng anghel na mamumuksa sa lupain. Malugod silang tinanggap, at nangakong maglilingkod sa Diyos ni Jacob at lisanin ang Egipto kasama ang Kanyang bayan." (PP 279.2)

Lunes, Hulyo 28

Ang Paskuwa

Basahin ang Exodo 12:1–20. Anong malinaw na tagubilin ang ibinigay ng Diyos kay Moises at Aaron bago lisanin ng Israel ang Ehipto?

“Bago isakatuparan ang hatol na ito, ang Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, ay nagbigay ng mga tagubilin sa mga anak ni Israel hinggil sa kanilang pag-alis mula sa Egipto, at lalo na para sa kanilang ikaliligtas mula sa darating na paghatol. Bawat pamilya, mag-isa man o kasama ang iba, ay kailangang pumatay ng isang kordero o batang kambing na ‘walang kapintasan,’ at sa pamamagitan ng isang kumpol ng hisopo ay iwisik ang dugo nito ‘at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay , upang kapag dumaan ang anghel na mamumuksa sa hatinggabi ay hindi ito pumasok sa bahay na iyon. At kanilang kakanin ang laman sa gabing yaon, na inihaw sa apoy, at tinapay na walang lebadura, kakanin nilang kaulam ng mapapait na gulay, gaya ng sinabi ni Moises: ‘ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangnan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng Panginoon.’” (PP 274.1)

“Ipinahayag ng Panginoon: ‘Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, maging tao at maging hayop; at gagawa ako ng kahatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto... At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto.’” (PP 274.2)

Basahin ang Exodo 12:13, 14. Ano ang gagawin ng Panginoon para sa kanila kapag dumating ang huling salot? Ano ang sinisimbolohan ng lahat ng ito?

“Higit pa rito, ang lahat ng panganay—tao man o hayop—ay inihandog sa Panginoon, at tanging sa pamamagitan ng katubusan sila maaaring tubusin, bilang pagkilala na nang malipol ang mga panganay sa Egipto, ang panganay ng Israel, bagaman kahima-himala silang naligtas, ay nararapat sanang magtamo rin ng gayong kapalaran kung hindi lamang dahil sa handog na pang-alis ng sala. Pahayag ng Panginoon: “Sapagka't lahat ng mga panganay ay sa akin; sapagka't nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto ay aking pinapagingbanal sa akin, ang lahat ng mga panganay sa Israel, maging tao at maging hayop: sila'y magiging akin,” (Mga Bilang 3:13). Pagkatapos maitatag ang paglilingkod sa tabernakulo, pinili ng Panginoon ang lipi ni Levi para sa gawain sa santuwaryo, kapalit ng panganay sa bawat sambahayan. “Sila'y buong nabigay sa akin sa gitna ng mga anak ni Israel,” sabi Niya, “na kinuha ko silang kapalit ng lahat ng nagsisipagbukas ng bahay-bata, ng mga panganay sa lahat ng mga anak ni Israel.” (Mga Bilang 8:16). Gayunpaman, hinihingi pa rin ng Diyos na ang buong bayan ay magbigay ng halagang pantubos para sa panganay na anak na lalaki bilang pagkilala sa habag ng Diyos. (Mga Bilang 18:15, 16). (PP 274.4)

Martes, Hulyo 29

Pesach

Basahin ang Exodo 12:17–23. Anong papel ang ginagampanan ng dugo sa pagdiriwang ng bagong pistang ito?

“Ang Paskua ay parehong paggunita at sagisag—hindi lamang tumutukoy sa pagliligtas mula sa Egipto, kundi nagpapahiwatig rin ng mas dakilang pagliligtas na isasakatuparan ni Cristo sa pagpapalaya sa Kaniyang bayan mula sa pagkaalipin ng kasalanan. Ang inihandog na kordero ay kumakatawan sa 'Kordero ng Diyos'—ang tanging pag-asa natin sa kaligtasan. Sabi ng apostol, ‘Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Cristo.’ (1 Corinto 5:7) Ngunit hindi sapat na ang paskuwal na kordero ay patayin lamang; kailangang iwisik ang dugo nito sa mga hamba ng pintuan. Sa gayunding paraan, ang mga merito ng dugo ni Cristo ay kailangang mailapat sa ating puso at buhay. Dapat tayong manampalataya—hindi lamang na Siya’y namatay para sa buong sanlibutan—kundi na Siya’y namatay para sa atin bilang mga indibidwal. Kinakailangang angkinin natin ang bisa ng Kaniyang paghahandog upang ito’y maging kapangyarihan ng ating personal na kaligtasan.” (PP 277.1)

“Ang hisopo na ginamit sa pagwiwisik ng dugo ay sagisag ng paglilinis, sapagkat ito rin ang ginagamit sa seremonyal na paglilinis ng ketongin at ng sinumang nagkaroon ng karumihan dahil sa paghipo sa patay. Maging sa panalangin ng salmista ay malinaw ang kahulugan nito: ‘Linisin mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis: hugasan mo ako at ako'y magiging lalong maputi kay sa nieve.’” (Awit 51:7) (PP 277.2)

“Ang kordero ay kailangang ihanda na buo—hindi dapat mabali ang kahit isa mang buto nito. Sa parehong paraan, ni isa mang buto ng Kordero ng Diyos—na mamamatay para sa atin—ay hindi mababali.” (Juan 19:36) Sa ganitong paraan ay inihahayag ang ganap at walang kapintasang kalikasan ng paghahandog ni Cristo para sa sangkatauhan. (PP 277.3)

“Ang laman ng kordero ay dapat kainin. Hindi sapat na manampalataya lamang tayo kay Cristo para sa kapatawaran ng kasalanan; dapat tayong patuloy na tumanggap ng espirituwal na lakas at kabuhayang mula sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniyang Salita. Sinabi ni Jesus, ‘Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan.” (Juan 6:53–54)

Upang ipaliwanag ang Kaniyang kahulugan, sinabi pa Niya: ‘ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.’ (Talata 63)

Tinanggap ni Cristo ang kautusan ng Kaniyang Ama, isinabuhay ang mga prinsipyo nito, ipinamalas ang espiritu nito, at ipinakita ang kapangyarihan nitong bumago ng puso. Sabi ni Juan, ‘At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.’ (Juan 1:14)

Ang mga tagasunod ni Cristo ay dapat makibahagi sa Kaniyang karanasan. Dapat nilang tanggapin at isabuhay ang Salita ng Diyos hanggang sa ito’y maging puwersang umaapekto sa kanilang buhay at mga gawa. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, dapat silang mapagbagong-anyo sa Kaniyang wangis at maipakita ang mga banal na katangian. Kailangang 'kanin' nila ang laman at 'inumin' ang dugo ng Anak ng Diyos—kung hindi’y walang buhay sa kanila. Ang espiritu at gawa ni Cristo ay dapat maging espiritu at gawa rin ng Kaniyang mga alagad.” (PP 277.4)

“Ang kordero ay kinakailangang kainin kasama ng mapapait na gulay, bilang paggunita sa kapaitan ng pagkaalipin sa Egipto. Gayon din naman, kapag tayo'y tumatanggap ng sustenang espirituwal mula kay Cristo, ito'y dapat gawin nang may pusong nagsisisi at mapagpakumbaba, bilang pagkilala sa ating mga kasalanan. Ang paggamit ng tinapay na walang lebadura ay may malalim na kahulugan. Mahigpit itong iniutos sa kautusan ng Paskua at masusing sinunod ng mga Judio sa pamamagitan ng pagtitiyak na walang lebadura sa kanilang mga tahanan sa panahon ng kapistahan. Sa gayundin, ang lebadura ng kasalanan ay dapat alisin mula sa sinumang nagnanais tumanggap ng buhay at espirituwal na pagkain mula kay Cristo." Kaya’t sumulat si Pablo sa iglesya sa Corinto: ‘Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak... Sapagka't ang kordero ng ating paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Cristo: Kaya nga ipangilin natin ang pista, hindi sa lumang lebadura, ni sa lebadura man ng masamang akala at ng kasamaan, kundi sa tinapay na walang lebadura ng pagtatapat at ng katotohanan.” (1 Corinto 5:7–8) (PP 278.1)

Miyerkules, Hulyo 23

Pagpasa sa Sulo

Basahin ang Exodo 12:24–28. Anong mahalagang punto ang idinidiin dito?

“Bilang paggunita sa dakilang pagliligtas na ito, ipinag-utos na ang isang kapistahan ay ipagdiriwang taon-taon ng mga anak ni Israel sa lahat ng susunod na salinlahi.

‘ At ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang alaala, at inyong ipagdidiwang na pinakapista sa Panginoon; sa buong panahon ng inyong lahi ay inyong ipagdidiwang na pinakapista na bilang tuntunin magpakailan man.’

Sa tuwing kanilang ipagdiriwang ang kapistahang ito sa mga darating na taon, kanilang uulitin sa kanilang mga anak ang kasaysayan ng dakilang pagliligtas, gaya ng iniutos ni Moises: ‘Na inyong sasabihin: Siyang paghahain sa paskua ng Panginoon, na kaniyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Egipto, nang kaniyang sugatan ang mga Egipcio, at iniligtas ang aming mga sangbahayan.’” (PP 274.3)

“Ang mga tagubiling ibinigay ni Moises tungkol sa kapistahan ng Paskua ay puno ng kahulugan, at may kaugnayan sa mga magulang at anak sa kapanahunang ito....” (AH 324.2)

“Ang ama ang gaganap bilang saserdote ng tahanan, at kung ang ama ay patay na, ang panganay na anak na lalaki ang magsasagawa ng sagradong tungkulin ng pagwiwisik ng dugo sa hamba ng pintuan. Ito ay sagisag ng gawaing dapat isagawa sa bawat sambahayan. Ang mga magulang ay dapat tipunin ang kanilang mga anak sa loob ng tahanan at iharap sa kanila si Cristo bilang kanilang Paskua. Ang ama ay dapat italaga sa Diyos ang bawat miyembro ng kanyang sambahayan at tuparin ang gawaing inilarawan ng kapistahan ng Paskua. Mapanganib na ipagkatiwala ang banal na tungkuling ito sa ibang tao.” (AH 324.3)

“Magpasiya nawa ang mga Kristiyanong magulang na sila ay magiging tapat sa Diyos, at tipunin ang kanilang mga anak sa kanilang mga tahanan, at lagyan ng dugo ang hamba ng pintuan—na kumakatawan kay Cristo bilang ang tanging makapagliligtas at makapagsasanggalang—upang ang anghel ng paglipol ay dumaan lamang at hindi salantain ang mahal nilang sambahayan. Ipakita sa sanlibutan na may kapangyarihang higit pa sa tao na gumagawa sa loob ng tahanan. Panatilihin nawa ng mga magulang ang buhay na ugnayan sa Diyos, pumanig kay Cristo, at sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya ay ipakita kung gaano kalaki ang mabuting maaring maisakatuparan sa pamamagitan ng tungkulin ng magulang.” (AH 324.4)

Huwebes, Hulyo 24

Ang Hatol ng Diyos

Basahin ang Exodo 12:29, 30 kung paano pinatay ng Diyos ang mga panganay sa Ehipto. Bakit tumuon ang Diyos sa mga panganay? (Tingnan din ang Hebreo 11:28.)

“Sinunod ng mga Israelita ang mga tagubilin na ibinigay ng Diyos. Mabilis at palihim silang naghanda para sa kanilang pag-alis. Tinipon ang bawat pamilya, pinatay ang korderong pampaskua, inihaw ang laman nito sa apoy, at inihanda ang tinapay na walang lebadura at mga mapapait na damo. Ang ama, na siyang pari ng sambahayan, ang nagsaboy ng dugo sa hamba ng pinto, saka siya at ang kanyang pamilya ay pumasok sa loob ng kanilang tahanan. Sa katahimikan at pagmamadali, kinain nila ang kordero. Sa takot at pananalig, nanalangin at nagbantay ang mga tao. Tumitibok sa kaba ang puso ng bawat panganay—mula sa malalakas na lalaki hanggang sa munting bata—dahil sa di-maipaliwanag na pangamba. Mahigpit na niyakap ng mga magulang ang kanilang minamahal na panganay habang iniisip ang kakila-kilabot na salot na tatama nang gabing iyon. Ngunit walang bahay ng Israel ang inabot ng anghel ng kamatayan. Ang tanda ng dugo—na sagisag ng proteksyon ng Tagapagligtas—ay nasa kanilang pintuan, kaya’t hindi pumasok ang mamumuksa.” (PP 279.3)

“Nang hatinggabi, ‘nagkaroon ng isang malakas na hiyawan sa Egipto; sapagka't walang bahay na di mayroong isang patay.’ Tinamaan ng salot ang lahat ng panganay sa buong lupain—mula sa panganay ni Paraon na nakaupo sa trono, hanggang sa panganay ng bilanggo sa piitan, at pati ang panganay ng mga hayop. Sa buong kaharian ng Egipto, ibinagsak ang kapalaluan ng bawat sambahayan. Ang daing at panangis ng mga nagluluksa ay umalingawngaw sa buong lupain. Ang hari at ang kanyang mga tagapayo, maputla ang mga mukha at nanginginig ang katawan, ay natigilan sa matinding sindak. Naalala ni Paraon ang kanyang mapagmataas na tugon noon: ‘Sino ang Panginoon na aking pakikinggan ang kaniyang tinig, upang pahintulutan kong yumaon ang Israel? Hindi ko nakikilala ang Panginoon at saka hindi ko pahihintulutang yumaon ang Israel.’ Ngayon, ang kanyang mapanghamong pagmamataas ay naging parang alabok. Tinawag niya sina Moises at Aaron nang gabi at sinabi, ‘Kayo'y bumangon, umalis kayo sa gitna ng aking bayan kayo at sangpu ng mga anak ni Israel; at kayo'y yumaong maglingkod sa Panginoon, gaya ng inyong sinabi. Dalhin ninyo kapuwa ang inyong mga kawan at ang inyong mga bakahan, gaya ng inyong sinabi, at kayo'y yumaon: at pagpalain din naman ninyo ako.' Hiniling din ng mga tagapayo ng hari at ng mga mamamayan na umalis na agad ang mga Israelita sa kanilang lupain, sapagkat sabi nila, 'Tayong lahat ay mamamatay.'" (PP 279.4)

**"Nang una pa lamang ihayag ang kahilingan para sa paglaya ng Israel, ipinagbigay-alam na kay Paraon ang babala tungkol sa pinakamalupit na salot. Inutusan si Moises na sabihin sa hari: 'Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay aking anak, aking panganay: At aking sinabi sa iyo, Pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa akin; at ayaw mo siyang payaunin, narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay.'" (Exodo 4:22–23)

Bagamat hinamak ng mga Egipcio ang mga Israelita, sila'y pinarangalan ng Diyos, sapagkat sila ang piniling maging tagapagdala ng Kanyang kautusan. Sa mga natatanging pagpapala at pribilehiyong ipinagkaloob sa kanila, naging natatangi sila sa gitna ng mga bansa—gaya ng karapatan ng panganay sa gitna ng mga kapatid." (PP 273.1)

Biyernes, Agosto 1

Karagdagang Kaisipan

"Ang paghatol na unang ibinabala sa Egipto ang siyang huling ipatutupad. Ang Diyos ay mapagtiis at sagana sa awa. Siya ay may malasakit sa mga nilalang na nilikha ayon sa Kanyang larawan. Kung ang pagkawala ng kanilang mga ani, kawan, at mga hayop ay nagdala sana sa Egipto tungo sa pagsisisi, hindi sana naabot ng salot ang kanilang mga anak. Ngunit matigas ang kanilang puso sa pagtanggi sa utos ng Diyos, kaya't ang panghuling parusa ay handa nang ipataw." (PP 273.2)

"Nang ipapataw na ng Diyos ang kamatayan sa mga panganay ng Egipto, iniutos Niya sa mga Israelita na tipunin ang kanilang mga anak mula sa mga Egipcio patungo sa kanilang sariling mga tahanan at lagyan ng dugo ang mga hamba ng kanilang mga pintuan, upang makita ito ng anghel ng kamatayan at lampasan ang kanilang mga bahay. Tungkulin ng mga magulang na tipunin ang kanilang mga anak. Ito rin ang inyong tungkulin, ang aking tungkulin, at tungkulin ng bawat inang naniniwala sa katotohanan. Ang anghel ay maglalagay ng tanda sa noo ng lahat ng hiwalay na sa kasalanan at sa mga makasalanan, at susunod ang anghel ng kamatayan upang patayin nang lubusan ang mga bata at matatanda.” (5T 505.2)

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org